BC CANCER LUNG SCREENING
Provincial Health Services Authority

Abiso ng mga Resulta ng Lung Screening
Inirerekomenda ang Follow-Up

Notice Date:
Exam Date:

Jane Sample
123 Example Avenue
City, Province, Postal Code

Ang iyong CT scan para sa lung screening ay hindi nagpakita ng anumang nakababahalang palatandaan ng kanser sa baga. Gayunpaman, ibinahagi namin sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan ang iba pang mga natuklasan na **hindi** nauugnay sa kanser sa baga at maaaring mangailangan ng follow-up. Maaaring kabilang dito ang mga kondisyong gaya ng Emphysema, COPD, at/o Coronary Artery Calcification, na maaaring alam mo na.

MGA SUSUNOD NA HAKBANG: Ang detalyadong mga resulta ng iyong CT scan ay ipinadala sa tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan na nakatala sa aming rekord: NATALIE EXAMPLE, kung sakaling mayroon kang mga tanong tungkol sa follow-up. Kung wala kang marinig mula sa kanila sa loob ng isang linggo matapos matanggap ang liham na ito, mangyaring makipag-ugnayan sa kanila nang direkta upang magpa-iskedyul ng appointment.

Inirerekomenda namin na bumalik ka sa Lung Screening Program pagkalipas ng **24** na buwan para sa regular na screening. Makakatanggap ka ng liham ng paalala mula sa Lung Screening Program kapag oras na upang bumalik para sa iyong susunod na CT scan. Pinakamabisa ang screening kapag regular kang sumasailalim sa CT scan upang makita kung may mga bagong spot o pagbabago sa mga dati nang spot mula noong huli mong CT scan. Ito ang dahilan kung bakit mahalagang bumalik para sa lung screening kapag nakatakda na ang iyong susunod na screening.

Bagamat napakabisa ng CT scan para sa lung screening sa maagang pagtuklas ng kanser sa baga, may ilang kanser na maaaring hindi matukoy. Kung magkaroon ka ng anumang bagong sintomas tulad ng hirap sa paghinga, pananakit ng dibdib, o pag-ubo ng dugo, mangyaring ipaalam kaagad ito sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan kahit na normal ang resulta ng iyong CT scan.

PAGTIGIL SA PANINIGARILYO: Sa panahon ng iyong pagpapatala, ipinaalam mo sa Programa na ikaw ay naninigarilyo o kamakailan lamang ay tumigil sa paninigarilyo. Ang pagtigil sa paninigarilyo ay nagdodoble sa mga benepisyo ng lung screening at lubos na nagpapabuti sa kalusugan ng iyong mga baga. Mangyaring tingnan ang kalakip na polyeto para sa impormasyon at mga mapagkukunan tungkol sa pagtigil sa paninigarilyo. Natuklasan ng mga pag-aaral na ang mga iniresetang gamot tulad ng Varenicline ay maaaring makapagpataas ng iyong tsansa na matagumpay na tumigil sa paninigarilyo. Inirerekomenda namin na makipag-ugnayan ka sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan upang talakayin ang mga iniresetang gamot para sa pagtigil sa paninigarilyo na maaaring saklaw ng BC Smoking Cessation Program.

SAMPLE

BC CANCER LUNG SCREENING
Provincial Health Services Authority

Abiso ng mga Resulta ng Lung Screening
Inirerekomenda ang Follow-Up

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga resulta ng lung screening, mangyaring bisitahin ang screeningbc.ca/lung.

Salamat sa iyong paglahok sa BC Cancer Lung Screening Program.

Dr. Stephen Lam
Lung Screening Medical Director

Kung magbabago ang iyong tirahan bago ang iyong susunod na screening, mangyaring bisitahin ang addresschange.gov.bc.ca/ upang i-update ang iyong impormasyon sa ICBC at Health Insurance BC nang sabay.

Ang mga abiso tungkol sa Lung Screening ay makukuha online sa Health Gateway. Mangyaring bisitahin ang healthgateway.gov.bc.ca/ upang magparehistro para sa access.

Kung natanggap mo ang ulat na ito nang hindi sinasadya o nagbago na ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan, mangyaring ipaalam ito sa amin sa 1-877-717-5864.

Screening Facility:
Lung Screening Site Name
Lung Screening Site Phone #

SAMPLE

Kokolektahin at gagamitin ng BC Cancer ang iyong personal na impormasyon para sa layunin ng pagbibigay ng mga serbisyo sa screening, kabilang ang komunikasyon at follow-up, at para sa layunin ng pagsusuri ng programa. Ang impormasyong ito ay kinokolekta alinsunod sa FIPPA s. 26(c) at (e). Kung mayroon kang anumang mga tanong tungkol sa pangongolekta at paggamit ng iyong personal na impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa screening@bccancer.bc.ca. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa privacy, mangyaring bisitahin ang Screeningbc.ca.